

Asosasyong Pandaigdig sa Lungsod ng Kawasaki



KIAN Kumusta Kawasaki

Nakalathala sa Hapones, Ingles, Chinese, Koriya/Tsosen, Espanyol, Portugis, Filipino
Biyetnamis, Taylandes, Indonisyas, Nepalis at Madaling-Hapones

Makikita rin sa website ng asosasyon (<https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>)

〒211-0033 Kizuki Gioncho 2-2, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-Ken

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> Email : kiankawasaki@kian.or.jp

Paliwanag sa Pagsusulat ng “Aplikasyon para sa Pampublikong Pabahay ng Siyudad” para sa mga Dayuhan



Sa nais mag-apply sa pampublikong pabahay subalit hindi alam kung paano ang pagfill-up.

Sa ganung mga alalahanin, tutulong kami sa pagfill-up ng aplikasyon hanggang sa pagsumite.

(May interpreter sa Ingles, Chinese, Portugis, Espanyol, Filipino, Taylandes, Nepalis, at Biyetnamis)

Petsa at Oras : Ika-14 ng Hunyo (Sabado) 10:00 - 12:00

LIBRE

Lugar : 1F No.2 meeting room ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Pagparehistro : Ika-11 ng Hunyo (Miyer.) hanggang 4:30pm tumawag, mag-email o bumisita.

Tel. : 044-435-7000 Email : kiankawasaki@kian.or.jp

Ano ang Shiei-Jutaku (Pampublikong pabahay) : Ito ay pabahay na itinayo ng pamahalaan at pag-aari ng lungsod. Para ito sa mga taong may mababang kita at nangangailangan ng pabahay na may mababang renta. Kumpara sa pribadong paupahan, wala itong key money at renewal fees. Subalit mayroon iba't-ibang regulasyon tulad ng pamantayan ng kita kahit pagkatapos lumipat. Nagsasagawa ng pagsisiyasat ng kita bawat taon at kinakalkula ang bayarin ng renta.

Kwalipikasyon:

1. Nasa hustong gulang.
2. Residente ng siyudad o nagtatrabaho sa siyudad ng mahigit 1 taon.
3. Hindi lalagpas ang buwanang kita sa tiyak na halaga.
4. May problema sa panirahan.



Masaya at kapaki-pakinabang na pag-aaral ng kursong Nihonggo para sa mga dayuhan

- Group Lesson na kaunting bilang.

Pang-umagang kurso tuwing Martes at Biyernes 9:50am – 11:50am

Unang Semestre	Abril 11 (Biy.) - Hulyo 11 (Biy.)	(24 beses)	¥13,200
Ika-2 Semestre	Setyembre 12 (Biy.) - Nob.21 (Biy.)	(20 beses)	¥11,000
Ika-3 Semestre	2026 Enero 13 (Mar.) - Marso 10 (Mar.)	(17 beses)	¥9,350
※ Mayroon paalagaan (1 taon pataas, libre) ※ Bukod ang bayad para sa aklat.			



Pang-gabing kurso tuwing Miyerkules 6:30pm - 8:30pm

Unang Semestre	Abril 9 (Miyer.) - Hulyo 30 (Miyer.)	(16 beses)	¥8,800
Ika-2 Semestre	Setyembre 3 (Miyer.) - Nob.12 (Miyer.)	(11 beses)	¥6,050
Ika-3 Semestre	2026 Enero 14 (Miyer.) - Marso 18 (Miyer.)	(9 beses)	¥4,950
※ Walang paalaga ※ Bukod ang bayad sa aklat.			



Lugar : Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki Makipag-ugnayan : Kawasaki Int'l Association

Telepono : 044-435-7000 Email : kiankawasaki@kian.or.jp

※ Maaring mabago ang petsa. Mangyaring tiyakin muna bago magparehistro.



Boccia Multi-kultural na ugnayan!

Araw at oras : Ika-17 ng Mayo (Sab.) 10am – 12pm

Lugar : Hall ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Makakasali : Elementarya pataas, kahit anong lahi

Kapasidad : 24 katao (paunahan)

Reserbasyon : Patala sa pamamagitan ng Registration Form (Simula abril 1 (Martes) ang patala)

Makipag-ugnayan : Asosasyon Pandaigdig sa Kawasaki (PIIF)

Tel : 044-435-7000 Email : kiankawasaki@kian.or.jp



Aplikasyon
QR

Pasyalan ng Cherry Blossoms sa Kawasaki

Ang syudad ng Kawasaki ay maraming park at berdeng espasyo na may ibat-ibang atraksiyon, abalang sa mga ito, ipapakilala namin ang ilang mga lugar na kung saan ang mga Cherry Blossoms ay partikular na maganda. Mangyaring bisitahin ang mga lugar na ito.



Yumemigasaki Zoological Park (Saiwai ward • JR Shin-Kawasaki o Kashimada station)

Mayroong humigit-kumulang 400 cherry blossoms na nakatanim sa buong park, kabilang ang zoo at maari mong ma-enjoy ang mga hayop at cherry blossoms nang sabay. Someiyoshino, yamazakura atbp.

Sumiyoshi zakura (Nakahara ward • Tokyu Toyoko /Tokyu Meguro line Motosumiyoshi station)

Isang hilera ng mga puno ng cherry blossoms na namumulaklak na bumubulusok sa ibabaw ng ilog. Namumulaklak na mga puno ng Someiyoshino cherry ng halos 2km sa tabi ng Shibu river. Masisiyahan ka rin sa panood ng cherry blossoms na malapit sa Nakahara Peace Park. Mayroong humigit-kumulang 250 puno ng Someiyoshino cherry

Nikaryuosui (Tawa ward • 2 minuto lakad mula JR Nambuline Shukugawara Station)

Isang makasaysayang irigasyon na itinayo noong panahon ng Edo, humigit-kumulang 400 puno ng cherry na nakahanay sa gilid ng kalsadang naglalayon sa 2 km.

Pakonsultahan ng mga Dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Huwag mag-atubiling lumapit kung may problema sa pamumuhay at kung may nais na itanong (LIBRE)

MAARING KUMONSULTA SA ZOOM ONLINE !

Telepono 044-455-8811

Oras na maaaring kumunsulta 9 am-5 pm



Parehistro sa Online na Konsultasyon



Website ng KIAN

Maaaring kumunsulta kahit sa araw na wala ang nais na wika. (Gagamit ng triophone interpreter)

Wika	Araw	Wika	Araw
Ingles	Lunes - Sabado	Chinese	Lunes - Sabado
Portugis	Martes at Biyernes	Espanyol	Martes at Miyerkules
Koriya/Tsosen	Martes at Huwebes	Filipino	Martes at Miyerkules
Biyetnamis	Martes at Biyernes	Taylandes	Lunes at Martes
Indonisya	Martes at Miyerkules	Nepalis	Martes at Sabado

Libreng Pakonsulta sa Administrative Scrivener

Malawakang hanay ng paksa ang maaaring ikonsulta sa Administrative Scrivener, ngunit ang mga pangunahing konsultasyon ay kinabibilangan ng mga aplikasyon, pagmamana ng aririan, visa o residence status, pagtatatag ng kompanya, pagsulat ng kontrata, testamento o mana at atbp.

• Sa Nihonggo lamang ang konsultasyon. Magpareserba kung nais ng interpreter, may bayad.

Tuwing ika-3 linggo ng buwan. Abril 20 (Linggo) , Mayo 18 (Linggo) 2pm-4pm (2F meeting room.)